# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN
## Sta. Cruz, Laguna

SINIPI SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG KAGALANG-GALANG SANGGUNIANG BAYAN NG SANTA CRUZ, LALAWIGAN NG LAGUNA NA IDINAOS NOONG HUNYO 26, 2023, LUNES, IKA-9:30 NG UMAGA, SA BATASANG BAYAN, GUSALING ESCOLAPIA, SANTA CRUZ, LAGUNA.

DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang LAARNI A. MALIBIRAN | ..... | PANG. PUNONG BAYAN, Tagapangulo |
| Kagalang-galang Ambiel John C. Panganiban | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lea A. Almarvez | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Norman T. Tolentino | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Esmeraldo C. De Las Armas, Jr. | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Lucena R. Odejar | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Alan T. Pamatmat | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Patrocinia S. Kalaw | ..... | Kagawad/ABC Federation President |
| Kagalang-galang Regine S. Regalado | ..... | Kagawad/ SK Federation President |

DI-DUMALO:

| | | |
|---|---|---|
| Kagalang-galang Rizaldy N. Kalaw | ..... | Kagawad |
| Kagalang-galang Mark Anthony P. Joven | ..... | Kagawad |

**KAPASIYAHAN BLG. 338-T2023**

**KAPASIYAHANG PINAGTITIBAY ANG KAPASIYAHAN BLG. 18-T2023 NG SANGGUNIANG BARANGAY DUHAT NA HUMIHILING NA ANG PONDONG NAKALAAN SA PROYEKTONG CONCRETING OF BARANGAY ROAD NA MAY HALAGANG P200,000.00 NA NAKATAKDANG GAWIN SA THIRD QUARTER AY MAILIPAT SA SECOND QUARTER 2023 NA MAY SUKAT NA 3.5M NA LAPAD AT 180M NA HABA NA MATATAGPUAN SA SITIO MAUNAWAIN, BARANGAY DUHAT, SANTA CRUZ, LAGUNA.**

**SAPAGKAT**, may iniliwat ang Sangguniang Barangay ng Duhat na may petsa Hunyo 5, 2023 na humihiling na mailiwat ang nakatakdang pagawain na proyektong Concreting of Barangay Road na nakatakdang gawin sa Third Quarter ay mailipat sa Second Quarter 2023 na may halagang P200,000.00 na may 3.5M lapad at 180M na haba na matatagpuan sa Sitio Maunawain, Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna;

**SAPAGKAT,** ang kahilingan ay iniliwat sa Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan para sa kanilang pagsusuri;

**SAPAGKAT,** matapos ang pag-susuri ng lupon ay inirekomendang pagtibayin ang Kapasiyahan Blg 18-T2023 ng Sangguniang Barangay ng Duhat.

**KUNG KAYA'T, DAHIL DITO**, sa mungkahi ni Kgg. Lea A. Almarvez (Pang. Tagapamuno ng Lupon sa Pananalapi, Badyet at Paglalaan); na pinangalawahan ng lahat ng mga kasapi ng Sangguniang Bayan na ngayo'y kaharap, ay

**PINAGPASIYAHANG:** Pagtibayin ang Kapasiyahan Blg. 18-T2023 ng Sangguniang Barangay Duhat na humihiling na ang pondong nakalaan sa proyektong Concreting of Barangay Road na may halagang P200,000.00 na nakatakdang gawin sa Third Quarter ay mailipat sa Second Quarter 2023 na may sukat na 3.5m na lapad at 180m na haba na matatagpuan sa Sitio Maunawain, Barangay Duhat, Santa Cruz, Laguna

**INIUUTOS:** Na padalhan ng sipi ng kapasiyahang ito ang Kagalang-galang Punong Bayan, Pambayang Ingat-Yaman, Pambayang Pinuno sa Badyet, Pambayang Tagatuos, Pambayang Tagapagbalangkas at Tagapag-ugnay sa Kaunlaran at Sangguniang Barangay ng Duhat, lahat sa bayang ito, para sa kanilang kabatiran at kaukulang hakbang.

**PINAGTITIBAY. Hunyo 26, 2023**

**PINATUTUNAYAN** kong tumpak at wasto ang nasasaad sa kapasiyahang ito.

**MARIA TERESA ROBLES-LABOG**
Kalihim ng Sangguniang Bayan

NAGPATOTOO: **KGG. LAARNI A. MALIBIRAN**
Pang. Punong Bayan
Tagapangulo

PINAGTIBAY: **KGG. EDGAR S. SAN LUIS**
Punong Bayan

07/10/23

07102327